8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 4

Aralin 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 4: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Kristine I. Patoc

**Tagasuri:** Noel A. Ybanez

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pagunawa sa pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling tungkulin sa pakikilahok ng pamilyang kinabibilangan sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan upang malinang ang pakikiisa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pakikiisa sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga programa na maaaring lahukan ng pamilya na tumutugon sa kapayapaan at kaligtasan ng mamamayan<br>1. Natutukoy ang mga kilos ng pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan.<br>2. Naipaliliwanag na ang pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ay nakatutulong sa pagpapanatili ng pagtutulungan, pagkakaisa at katiwasayan ng bayan. |
| **C. Lilinanging Pagpapahalaga** | Pakikiisa (Cooperation) |
| **D. Nilalaman** | Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan<br>1. Mga Kilos ng Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan<br>2. Mga Programa na Maaaring Lahukan ng Pamilya na Tumutugon sa Kapayapaan at Kaligtasan ng Mamamayan |
| **E. Integrasyon** | SDG 16 Peace, Justice and Strong Institutions |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
| --- |
| ChildHope Philippines. (2023, December 29). *Community Service: A Beacon of Hope for Street Children.* https://childhope.org.ph/nonprofit-organization-community-service/<br>Galtung, J. (1969). Viole*nce, peace, and peace research.* Journal of peace research, 6(3), 167-191.<br>Global Peace Foundation Philippines (GPF). (n.d). *About us.* http://www.globalpeacephilippines.org/<br>Islamic Relief Worldwide. (2020, September 21). *Young people in the Philippines are building peaceful societies following the Bangsamoro peace agreement.* https://islamic-relief.org/news/young-people-in-the-philippines-are-building-peaceful-societies-following-the-bangsamoro-peace-agreement/<br>Lopez, A. (2020, February 29). Interfaith dialogue key to end insurgency: Army. Philippine News Agency. https://www.pna.gov.ph/articles/1095211<br>Miriam College Center for Peace Education. Educating educators as peace agents. https://www.mc.edu.ph/cpe/news/main/ArticleID/1102/educators-as-peace-agents<br>Play for Peace. (n.d). Country Profile: The Philippines. https://www.playforpeace.org/philippines<br>United Nations. (n.d). Goal 16: Promote just, peaceful and inclusive societies. https://www.un.org/sustainabledevelopment/peace-justice/ |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- | --- |
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Layunin: Magunita ang mga wastong pagtugon ng mga mamamayan sa mga nanganganib na maubos na hayop at halaman.<br>**KANAN O KALIWA?**<br>Panuto: Itaas ang kaliwang kamay kung ang pahayag ay ukol sa wastong pagtugon ng mga mamamayan sa mga nanganganib na maubos na hayop at halaman at kanang kamay naman kung hindi.<br>1. Mag-organisa ng isang *reforestation project* sa inyong komunidad upang itaguyod ang pangangalaga sa mga nanganganib na hayop at halaman nang walang patnubay ng nakatatanda | **Unang Araw**<br>**Pagkuha ng Dating Kaalaman**<br>**Maikling Balik-aral**<br>**Gora O Para**<br>1. Maaaring ilagay sa slide ang bawat pahayag. Maaari ring bigkasin lamang ang mga ito.<br>**Susi sa Pagwawasto:**<br>1. Kanang Kamay<br>2. Kaliwang Kamay |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Magsagawa ng kampanya sa inyong paaralan o komunidad ukol sa pag-iingat sa kalikasan at proteksyon ng mga endangered species.<br><br>3. Magsaliksik at makiisa sa mga pagsusulong ng mga batas at patakaran para sa proteksyon ng kalikasan at mga *endangered species*.<br><br>4. Suportahan ang mga panawagan laban sa *illegal logging* at *illegal poaching* activities sa mga *protected areas*.<br><br>5. Gumawa ng mga proyekto sa community gardening na magpapayabong sa *native* at *invasive* na mga halaman.<br><br>6. Sumunod sa mga batas at regulasyon upang mapanatili ang kaligtasan at pagpapalaganap ng mga *endangered species*.<br><br>7. Makipagtulungan sa mga *environmental groups* para sa pangangalaga at pagpapanatili ng mga *natural habitats* ng mga hayop at halaman.<br><br>8. Mangutang ng pera upang makipagbigay ng suporta sa mga *wildlife rescue* at *rehabilitation programs*.<br><br>9. Gumamit at suportahan ang mga maliliit na negosyong gumagawa ng mga *environmentally-friendly* na produkto.<br><br>10. Pagtangkilik sa ukay-ukay upang mapanatili ang kalikasan at hindi maapektuhan ang mga habitat ng mga hayop at halaman.<br><br>Mga Pamprosesong Tanong:<br><br>1. Ano ang iyong naging batayan sa pagtukoy kung wasto ang mga pahayag?<br><br>2. Bakit mahalaga na pinag-iisipan natin nang husto ang ating pagtugon sa mga nanganganib na maubos na hayop at halaman? | 3. Kaliwang Kamay<br><br>4. Kaliwang Kamay<br><br>5. Kanang Kamay<br><br>6. Kaliwang Kamay<br><br>7. Kaliwang Kamay<br><br>8. Kanang Kamay<br><br>9. Kaliwang Kamay<br><br>10. Kaliwang Kamay<br><br>**Posibleng Kasagutan sa mga Pamprosesong Tanong:**<br><br>1. Ang naging batayan ko sa pagtukoy kung wasto ang kilos ay ang epekto ng bunga nito hindi lamang sa nanganganib na hayop at halaman ngunit sa kalikasan mismo.<br><br>2. Nangangailangan na may gabay ng siyensiya at pag-aaral ang ating mga inisiyatibo nang sa gayon ay matiyak nating epektibo at nakabubuti ito sa nanganganib na hayop at halaman. Sa pamamagitan nito ay maipamamalas natin ang ating paggalang sa lahat ng porma ng buhay. |

**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

Layunin: Matukoy ang damdamin tungkol sa mga isyung may kinalaman sa kapayapaan.

**EMOTICON-TUGON**

Panuto: Basahin ang pahayag at kulayan ang emoticon na tumutukoy sa iyong damdamin.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Sinisikap ng pangulo na magkaroon ng *bilateral agreements* upang maiwasan ang tunggalian laban sa Tsina. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 2. Wala pa ring katarunang natatamasa ang mga biktima ng *extrajudicial killings* na konektado sa kampanya kontra droga. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 3. Isinusulong ng mga lokal na pamahalaan ang mga programa para sa kalusugan at karapatan ng mga bulnerableng kababaihan at kabataan. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 4. Nagpapalakas ng kapasidad ang lokal na pamahalaan sa pagtugon sa mga isyu ng kapayapaan at seguridad. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 5. Marami pa rin ang napipilitang lumikas dahil sa banta ng terorismo. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 6. Napagtitibay na ng mga institusyon ang mga batas laban sa diskriminasyon at pananamantala. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 7. Nagsasagawa ang mga paaralan ng kampanya laban sa karahasan. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 8. Madalas na pinagbibintangan na rebelde ang mga mamamahayag at aktibista na kritikal sa pamahalaan. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 9. Nag-uudyok ang kahirapan at kawalan ng trabaho sa mga indibidwal na umanib sa mga armadong grupo. | ☺ | 😐 | ☹ |

**Unang Araw**

**Paglalahad ng Layunin**

**Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**Posibleng Kasagutan sa mga Pamprosesong Tanong:**

1. Napansin ko na ang mga pahayag ay mga napapanahong balitang may kinalaman sa seguridad at tunggalian sa bansa. Pamilyar ang karamihan sa akin ngunit may ibang hindi.

2. May mga positibo at negatibong pahayag na may kinalaman sa tunggalian sa ating bansa kaya naman iba't iba rin ang aking piniling emoticon. Bagaman may kamalayan ako sa mga bagay na ito sapagkat nakikita ko ito sa midya, kailangan ko pang magsaliksik.

3. Bilang isang mag-aaral, may tungkulin akong ipabatid sa kapuwa kong mag-aaral ang mga suliraning gaya nito. Sa pamamagitan ng adbokasiya, makapagpapalaganap ako ng kamalayan hindi lamang sa loob ng paaralan ngunit pati na

| | | | |
|---|---|---|---|
| 10. Muling nagkakaroon ng karahasan sa Mindanao kahit may kasunduan na sa BARMM, na nagbabanta sa katiwasayan sa lugar na ito. |  |  |  |

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong napansin sa mga pahayag? Ilan sa mga ito ang iyong batid?
2. Ano ang karaniwang emoticon ang iyong kinulayan? Masasabi mo bang may sapat kang kalamayan sa mga nangyayari sa iyong paligid? Bakit at bakit hindi?
3. Sa iyong palagay, ano ang iyong gampanin bilang isang indibiwal sa pagresolba ng mga nabanggit na suliranin?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Layunin: Makilala ang mga konseptong may kinalaman sa pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan.

**PUNAN ANG PATLANG**

Panuto: Basahin ang mga pahayag at isulat sa patlang ang titik ng konseptong tinutukoy nito.

| | | |
|---|---|---|
| a. negatibong kapayapaan | b. *interfaith dialogue* | c. positibong kapayapaan |
| d. *community service* | e. pamilya | |

___ 1. Pag-uusap o pagtitipon ng mga pangkat mula sa iba't ibang relihiyon o paniniwala upang magkaroon ng pag-unawaan sa isa't isa.

___ 2. Kapayapaang nilalayong lutasin ang ugat ng hidwaan.

___ 3. Gawain na may kinalaman sa pagtulong o pagbibigay ng serbisyo sa komunidad nang walang kapalit.

rin sa tahanan at aking komunidad.

**Unang Araw**

**Paglalahad ng Layunin**

**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**Susi sa Pagwawasto:**

1. b.
2. c.
3. d.
4. e.
5. a.

| | | |
|---|---|---|
| | ___ 4. Binubuo ng mga kasapi na mayroong ugnayan sa isa't isa at nakatira sa isang tahanan.<br><br>___ 5. Kapayapaang walang hidwaan o digmaan. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ayon kay Galtung (1969), ang kapayapaan ay hindi lamang kawalan ng hidwaan o giyera kundi ang pagkakaroon ng kaayusan, kaligtasan, at pagkakaisa. Mahalaga ito sapagkat nagsisilbi itong pundasyon para sa pag-unlad ng lipunan.<br><br>Ang kapayapaan ay isa sa mga haligi ng pag-unlad ng isang bansa. Ito ay nakaangkla sa pagkakapantay-pantay, katarungan, at pagiging malaya mula sa takot at karahasan. Sa pamamagitan ng kapayapaan, mas mabilis na maaabot ang iba pang mga layunin tulad ng pagpapaliit ng mga kaso ng matinding kahirapan at pagtugon sa iba pang suliraning pang-ekonomiya.<br><br>**Dalawang Uri ng Kapayapaan (Galtung, 1969)**<br><br>**1. Negatibong Kapayapaan**<br>Ito ay tumutukoy sa kawalan ng direktang karahasan o digmaan. Isipin ito bilang isang estado ng tigil-putukan o hindi pakikipaglaban. Ito ay isang pangunahing antas ng kapayapaan kung saan walang pisikal na pinsala ang natatamo ninuman.<br><br>**2. Positibong Kapayapaan**<br>Ito ay isang mas komprehensibo at pangmatagalang anyo ng kapayapaan. Higit pa ito sa kawalan ng karahasan at nakatuon sa paglikha ng mga kondisyon para itaguyod ang katarungan, pagkapantay-pantay at kapakanan ng lahat. Ang positibong kapayapaan ay naglalayong tugunan ang mga ugat ng tunggalian at bumuo ng isang lipunan kung saan ang karahasan ay hindi nakikita bilang isang solusyon. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Samakatuwid, ang positibong kapayapaan ang mas mabuting uri dahil hindi lamang ito nagbibigay ng katahimikan kundi nagtataguyod din ng makatarungan at pantay-pantay na lipunan.<br><br>Kaugnay nito, isa sa mga itinakdang pandaigdigang layunin ng United Nations ang ikalabing anim na Hangarin para sa Sosteniבleng Pag-unlad: Kapayapaan, Katarungan, at Matatag na mga Institusyon. Layunin nito na pagtibayin ang mga institusyon para sa pantay-pantay at mapagkakatiwalaang katarungan para sa lahat. Itinataguyod din nito ang kapayapaan sa pamamagitan ng pagwawakas ng kaguluhan sa lahat ng mga komunidad at bansa, mabuting pamamahala at integridad ng mga institusyon, at malayang impormasyon para sa integridad at pananagutan ng pamahalaan.<br><br>Bilang isang indibidwal, mag-aaral, at miyembro ng pamilya, mayroon tayong pananagutan sa ating kapuwa at sa lipunan. Mahalaga na pamahalaan natin nang maayos ang ating ugnayan sa kapuwa upang maging bahagi tayo ng solusyon sa mga problema at hindi bahagi ng suliranin.<br><br>Malaki rin ang gampanin ng ating pamilya bilang tagapagsulong ng kapayapaan sa bayan sapagkat ito ang pangunahing pangkat ng lipunan na nagtuturo ng mabubuting asal at pagpapahalaga sa mga indibiwal. Ang pakikisangkot ng pamilya ay maaaring mabunga ng mas maayos na komunidad at samahan, magpalakas ng pagkakaisa, at magbigay daan sa pag-unlad ng bansa.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Mga Kilos ng Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan**<br><br>**Komunikasyon at Pang-unawa.** Hikayatin ang bukas at tapat na talakayan tungkol sa problema sa loob at labas ng tahanan. Maging maggalang at bukas sa iba't ibang pananaw. Anyayahan ang pamilya na makilahok sa mga gawaing may kinalaman sa pagsusulong ng kapayapaan tulad ng pagboboluntaryo sa mga | **Ikalawang Araw**<br><br>**Paglinang at Pagpapalalim**<br><br>**Mga Kilos ng Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan**<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>1. Maaaring hindi angkop ang modelo ng *family tree* sa ibang |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>kampanya para sa karapatang pantao. Maaari mo ring silang isama sa panonood ng mga dokumentaryong may kinalaman dito.<br><br>**Maging Huwaran.** Maging magalang at iwasang gumamit ng dahas upang malutas ang mga hindi pagkakasundo sa loob ng pamilya. Sa pamamagitan nito, natuturuan din ang mga nakababatang miyembro ng pamilya ng kahalagahan ng maayos na pakikipagsundo at paglutas ng mga alitan. Bawasan ang pagkonsumo ng midya na naglulunsad ng karahasan. Iwasan ang paggamit ng karahasan bilang isang uri ng disiplina.<br><br>**Maging Responsableng Mamimili.** Hikayatin ang pamilya na suportahan ang mga negosyo at produkto na nagtataguyod ng kapayapaan.<br><br>**Aksyon at Pakikilahok.** Makilahok sa mga proyekto ng serbisyo sa komunidad na tumutugon sa mga isyu tulad ng kahirapan, hindi pagkakapantay-pantay, o pagkasira ng kapaligiran, na maaaring maging ugat ng tunggalian. Maaari ring magbigay nang bukal sa iyong kalooban at magboluntaryo sa mga organisasyon nang may gabay at patnubay ng iyong pamilya.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>Layunin: Matukoy ang mga gampanin ng bawat miyembro ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan.<br><br>**PUNO NG PAMILYA PARA SA KAPAYAPAAN**<br><br>Panuto: Ilagay ang pangalan ng mga miyembro ng iyong pamilya sa bawat kahon. Ilista ang kanilang gampanin sa loob ng tahanan at mga karampatang paraan upang makapag-ambag sila sa gawaing pangkapayapaan ng bayan.<br><br>Mga Pamprosesong Tanong:<br>1. Paano nakapag-aambag ang pamilya sa pagpapanatili ng kapayapaan sa komunidad?</td>
<td>mag-aaral. Sa Pahina 5 ng Sagutang Papel ay may nakalaang blangkong pahina upang makaguhit sila ng sarili nilang diagram. Gamitin lamang na batayan ang modelo ng *family tree* sa Pahina 4.<br><br>**Posibleng Kasagutan sa mga Pamprosesong Tanong:**<br><br>1. Ang pamilya ay nakakapag-aambag sa pagpapanatili ng kapayapaan sa komunidad sa pamamagitan ng pagtuturo ng paggalang, pagmamalasakit sa kapwa, at pakikipagtulungan sa iba.<br><br>2. Ang bawat miyembro ng pamilya ay nakakatulong sa mga gawaing pangkapayapaan sa bayan sa pamamagitan ng pagiging mabuti at responsableng mamamayan, pag-aalaga sa kapaligiran, at pakikilahok sa mga programa at proyekto para sa kapayapaan.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Paano nakakatulong ang bawat miyembro ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan sa bayan?<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>Sa pamamagitan ng mga kilos tulad ng pagpapakita ng respeto at pag-unawa sa iba, pagtulong sa mga proyekto para sa kapayapaan at pag-unlad ng komunidad, at pagsuporta sa mga programa ng gobyerno para sa kapayapaan at katarungan, nagpapamalas tayo ng pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan. Ang ganitong mga kilos ay nagpapakita ng ating pagiging bahagi ng solusyon at naglalayong magtayo ng mas makatarungan at mapayapang lipunan.<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Mga Programa na Maaaring Lahukan ng Pamilya na Tumutugon sa Kapayapaan at Kaligtasan ng Mamamayan**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Serbisyo sa Komunidad.** Ang sama-samang pagboluntaryo bilang isang pamilya ay isang mahusay na paraan upang itaguyod ang kapayapaan at seguridad. Maaaring tumulong sa isang lokal na *soup kitchen*, lumahok sa isang *community clean-up drive*, o magboluntaryo sa isang organisasyon na nagsusulong ng edukasyong pangkapayapaan o paglutas ng salungatan gaya ng *Play for Peace*, *Peacebuilders Community, Inc*. (PBCI), Balay Mindanaw, at iba pa.<br><br>**Pagsali sa mga Palihan na May Kinalaman sa Kapayapaan.** Maraming organisasyon ang nag-aalok ng mga palihan para sa kapayapaan tulad ng *Miriam College Women's Resource Center (WRC), Ateneo Center for the Promotion of Peace, Education, and Development (ACPPED)*, at iba pa. Ang mga organisasyong ito ay maaaring magturo sa mga pamilya tungkol sa kahalagahan ng kapayapaan, mga kasanayan sa paglutas ng mga salungatan, at kung paano bumuo ng isang mas makatarungan at pantay na lipunan.<br><br>**Pakikipagdiyaloyo sa mga Pangkat na Mayroong Iba't Ibang Paniniwala.** Ang Pilipinas ay isang bansang multikultural na kinasasaklawan ng maraming relihiyon at paniniwala. Ang pakikilahok sa mga *interfaith dialogue program*s gaya | |

| | | |
|---|---|---|
| | ng *Silsilah Dialogue Movement* ay makakatulong sa mga pamilya na matutuhan ang iba't ibang kultura at relihiyon, na nagsusulong ng paggalang at pag-unawa.<br><br>**Suporta Para sa mga Organisasyong Pangkapayapaan.** Maraming mga organisasyong pangkapayapaan sa Pilipinas na nagsusulong lutasin ang iba't ibang isyu, tulad ng karapatang pantao, tunggaliang panrelihiyon o kultura, at pangangalaga sa kapaligiran. Maaaring suportahan ng mga pamilya ang mga organisasyong ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng pera o paglalaan ng kanilang oras.<br><br>**Adbokasiya para sa kapayapaan.** Maaari ding isulong ng mga pamilya ang kapayapaan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan at suportahan ang mga patakarang nagtataguyod ng kapayapaan at seguridad. Maaari ring lumahok sa mga mapayapang protesta.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>Layunin: Mailarawan ang nagkakaisa at matiwasay na bayan.<br><br>***VISION BOARD***<br><br>Panuto: Mag-isip ng mga katangian ng isang nagkakaisa at matiwasay na bayan at ilista ang mga simbolo, larawan, at salita na nagpapakita ng mga katangiang ito. Maghanap sa mga magasin at pahayagan ng mga larawan at salita na naglalarawan ng iyong vision ng nagkakaisa at matiwasay na bayan. Gupitin ang mga ito nang maayos, isaayos at idikit sa iyong vision board. Gumamit ng mga pangkulay at dekorasyon upang gawing mas maganda at makulay ang iyong vision board.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>Layunin: Matukoy ang mga paraan na nagpamamalas ng pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan upang makamit ang nagkakaisa at matiwasay na bayan. | **Ikatlong Araw**<br><br>**Paglinang at Pagpapalalim**<br><br>**Mga Programa na Maaaring Lahukan ng Pamilya na Tumutugon sa Kapayapaan at Kaligtasan ng Mamamayan**<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Mission Board** |

| | | |
|---|---|---|
| | ***MISSION BOARD***<br><br>Panuto: Mag-isip ng mga mga paraan na nagpamamalas ng pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan tungo sa nagkakaisa at matiwasay na bayan. Ilista ang mga simbolo, larawan, at salita na nagpapakita nito. Maghanap sa mga magasin at pahayagan ng mga larawan at salita na naglalarawan ng iyong *vision* ng nagkakaisa at matiwasay na bayan. Gupitin ang mga ito nang maayos, isaayos at idikit sa iyong *vision board*. Gumamit ng mga pangkulay at dekorasyon upang gawing mas maganda at makulay ang iyong *mission board*.<br><br>Mga Pamprosesong Tanong:<br>1. Batay sa mga katangian ng iyong *vision board*, angkop ba ang mga paraang iyong inilagay sa iyong *mission board*? Paano mo nasabi?<br>2. Ano ang karaniwang katangian ng *mission board* ng klase?<br>3. Bakit mahalaga ang pagtutulungan para makamit ang kapayapaan?<br><br>Pinagyamang Pagsasanay: Ang bawat indibidwal, mag-aaral, at miyembro ng pamilya ay may pananagutan sa kapuwa, kaya't mahalaga ang tamang pamamahala ng ugnayan para sa kapakanan ng lahat. Ang aktibong pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ay susi sa pagkakaisa at pagbuo ng mas maayos at makatarungang lipunan. | 1. Hatiin ang klase sa malilit na pangkat (*pair, triad)* at bigyan sila ng sapat na oras upang talakayin ang pagkakaiba at pagkakaparehas ng kanilang mga mission board.<br><br>**Posibleng Kasagutan sa mga Pamprosesong Tanong:**<br><br>1. Oo, angkop ang mga paraang inilagay ko sa aking *vision board.* Pinili ko ang mga paraang nagpapakita ng aktibong pakikilahok ng bawat miyembro ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan. Ang mga simbolo at larawan na aking ginupit ay naglalarawan ng mga gawaing ito. Sa pamamagitan ng mga simbolo ng pagtutulungan at komunidad, nakita kong may kaugnayan ang bawat bahagi ng aking vision board sa layuning makamit ang isang nagkakaisa at matiwasay na bayan.<br><br>2. Ang karaniwang katangian ng mission board ng klase ay ang pagpapakita ng sama-samang pagtutulungan at pagkakaisa. Makikita ang iba't ibang larawan ng mga pamilya na nagtutulungan, at mga |

| | | |
|---|---|---|
| | | batang nagtuturo sa kapwa bata ng kapayapaan. Maraming salita ang ginagamit tulad ng "pagmamahalan," "pagkakaisa," "pagtutulungan," at "kapayapaan." Ang mga *mission board* ay puno ng makukulay na dekorasyon na nagpapakita ng positibong pananaw at adhikain ng bawat isa sa klase na magkaroon ng matiwasay na pamayanan.<br><br>3. Mahalaga ang pagtutulungan para makamit ang kapayapaan dahil ito ang nagbibigay daan sa maayos na samahan at pagkakaisa, nagpapalakas ng bawat isa, at nagbibigay ng solusyon sa mga suliraning panlipunan. |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>Layunin: Maipamalas ang pang-unawa sa aralin.<br><br>**PAGBUO NG AKROSTIK**<br><br>Panuto: Sumulat ng maikling tula hinggil sa pagkamit ng kapayapaan at katiwasayan ng bayan ng mga pamilya na nagsisimula sa bawat titik ng salitang "PAYAPA".<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto** | **Ikatlong Araw**<br><br>**Paglalahat**<br><br>**Pagbuo ng Akrostik**<br><br>Halimbawa:<br><br>P- Pakikisangkot ng pamilya<br><br>A- Ang magbibigay daan sa kay tagal-tagal nang inaasam |

<table>
<tr><td></td><td>Mga Layunin: Masiyasat ang pang-unawa sa aralin; Matukoy ang damdamin o pagpapahalagang napukaw ng aralin; Matukoy ang mga konseptong nangangailangan ng pagpapalalim<br><br>TATLONG N’s<br><br>Panuto: Kumpletuhin ang talahayanan.<br><br><table><tr><th>Natutuhan ko</th><th>Nararamdaman ko</th><th>Nagtataka ako</th></tr><tr><td>Ano-anong impormasyon o katotohanan ang natutunan ko?</td><td>Anong mga damdamin ang napukaw ng araling ito?</td><td>Anong mga katanungan ang mayroon ako o ano pa ang gusto kong malaman?</td></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr></table></td><td>Y- Yakapin ang bisyon ng bayang matiwasay<br><br>A- Alitan ay wakasan, ito'y hudyat ng<br><br>P- Pamamayagpag ng kapayapaan<br><br>A- Alay sa bayan ang pagkakaisa nating lahat</td></tr>
</table>

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Ika-apat na Araw**<br><br>**1. Pagsusulit** | **Ika-apat na Araw**<br><br>**Pagtataya**<br><br>**Pagsusulit** |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">
Layunin: Mapatunayan na ang pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ay nakatutulong sa pagpapanatili ng pagtutulungan, pagkakaisa at katiwasayan ng bayan.<br><br>
CLAIM-EVIDENCE-REASONING (CER)<br>
Panuto:<br><br>
1. Sagutin ang tanong na “Paano nakakatulong ang pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan sa pagpapanatili ng pagtutulungan, pagkakaisa, at katiwasayan ng bayan?”<br>
2. Claim (Pahayag): Isulat ang iyong sagot sa isang pangungusap.<br>
3. Evidence (Ebidensya): Magbigay ng tatlo hanggang limang halimbawa o ebidensya na sumusuporta sa iyong pahayag. Maaaring ito ay mula sa mga aktwal na karanasan, obserbasyon, mga nabasang artikulo, o iba pang pinagkakatiwalaang mapagkukunan.<br>
4. Reasoning (Pangangatwiran): Ipaliwanag kung paano ang bawat halimbawa o ebidensya ay nagpapakita ng pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan at paano ito nakakatulong sa pagtutulungan, pagkakaisa, at katiwasayan ng bayan. Iugnay ang iyong ebidensya sa iyong pahayag upang maipakita ang lohikal na koneksyon sa pagitan ng mga ito.<br><br>
1. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br><br>
Layunin: Maitala ang iba’t ibang kilos ng pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan sa sariling komunidad.<br><br>
PAGTANAW SA KAPAYAPAAN SA KOMUNIDAD<br><br>
Panuto: Magmasid sa inyong komunidad at dokumentuhin ang mga gawaing pangkapayapaan na ginagawa ng iba’t ibang pamilya sa inyong lugar. Maaaring kumuha ng larawan, magsulat ng maikling tala sa iyong kuwaderno, o gumawa ng maikling video.
</td>
<td>
Claim-Evidence-Reasoning (CER)<br><br>
1. Tumungo sa Pahina 14 ng Sagutang Papel para sa mga pamantayan sa pagbibigay ng marka sa Claim-Evidence-Reasoning (CER).
</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **alinmang sumusunod na bahagi.** | | | obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |